

## Buod

- □ Ang Awrtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego (Housing Authority of the County of San Diego o HACSD) ay nakatanggap ng 264 na Voucher sa Emerhensiyang Pabahay (Emergency Housing Voucher (EHV) mula sa Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod upang makatulong sa mga madaling maapektuhan na mga sambahayan upang makakuha ng matatag, permanenteng pabahay.
- □ Ang EHV ay magagamit katulad ng iba pang pederal na mga programa ng tulong sa pag-upa na pinangangasiwaan ng HACSD. Ang mga karapat-dapat na mga sambahayan ay magbabayad ng isang bahagi ng kanilang sahod papunta sa kanilang upa at ang HACSD ay magbabayad ng balanse ng upa direktso sa kasera.
  - ○ Dapat simulan ng mga aplikante ang proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng Sistema ng Organisadong Pagpasok (Coordinated Entry Access Site). Ang HACSD ay hindi tumatanggap ng direktang aplikasyon; sa halip, ang mga aplikante na itinuro para sa Programang EHV ay dadaan sa Sistema ng Organisadong Pagpasok o mula sa Rehiyonal na Koponan ng Kawalan ng Tirahan (Regional Taskforce on Homelessness).
- □ Ang programang EHV ay nagbibigay ng mga voucher sa pabahay sa mga karapat-dapat na mga indibidwal at mga pamilya na:
  - ○ Walang tirahan,
  - ○ May panganib na makaranas ng kawalan ng tirahan,
  - ○ Pagtakas o pagtatangkang tumakas sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, seksuwal na pananalakay, o pagtatrapik ng tao,
  - ○ Nawalan ng tirahan kamakailan o may mataas na panganib na magkaroon ng hindi istabilisadong tirahan.

## Paano Magsumite ng Aplikasyon

- □ Bisitahin ang isang Sistema ng Organisadong Pagpasok sa San Diego ([Coordinated Entry Access Site](#))
- □ Tumawag sa 2-1-1 San Diego

## Mga Madalas na Katanungan (FAQ)

- □ **Ano ang Voucher para sa Emerhensiyang Pabahay (Emergency Housing Voucher o EHV)?**
  - ○ Ang EHV ay isang programa sa tulong sa pag-upa, na nagbibigay ng mga voucher sa pabahay sa karapat-dapat na mga indibidwal at pamilya na tumutugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat base sa kita at:
    - ○ Walang tirahan,
    - ○ Nanganiban na makaranas ng kawalan ng tirahan,
    - ○ Pagtakas o pagtatangkang tumakas sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, seksuwal na pananalakay, o pagtatrapik ng tao.
    - ○ Nawalan ng tirahan kamakailan o may mataas na panganib na magkaroon ng hindi istabilisadong tirahan.
  - □ Ang mga voucher na ito ay ipinamamahagi sa limitadong bilang batay sa mga reperal ng Coordination of Care at pagkakaroon ng pondo.
- □ **Paano pinipili ang mga aplikante para sa Programang EHV?**
  - □ Nagsisimula ang proseso ng aplikasyon sa Coordinated Entry Access Site. Kung karapat-dapat, ang mga aplikante ay ituturo sa HACSD upang makumpleto ang proseso ng aplikasyon.
  - □ Ang mga karapat-dapat na aplikante ay pipiliin alinsunod sa mga patakaran ng pederal na pabahay, dapat matugunan ang pamantayan ng programa, at kailangang masuri ng namamahala sa pag-aari para sa pag-upa.

- □ **Ano ang mga kinakailangan sa kita at pagiging karapat-dapat?**
  - □ Ang mga karapat-dapat na aplikante ay dapat na:
    - ○ Nakakaranas ng kawalan ng tirahan,
    - ○ May panganib na makaranas ng kawalan ng tirahan,
    - ○ Pagtakas or pagtatangkang tumakas sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipanan, seksuwal na pananalakay, o pagtatrapik ng tao.
    - ○ Nawalan ng tirahan kamakailan o may mataas na panganib na magkaroon ng hindi istabilisadong tirahan.
  - □ Ang mga sambahayan ay maaaring maging karapat-dapat kung ang kanilang kita ay mas mababa sa 50% ng Panggitnang Kita sa Lugar (Area Media Income o AMI)
  
- □ **Magkano ang bahagi na babayaran ng nangungupahan?**
  - ○ Ang mga sambahayan ay magbabayad ng isang bahagi ng kanilang kita patungo sa kanilang upa at babayaran ng HACSD ang balanse ng upa direkta sa may-ari.
  - ○ Sa pangkalahatan, ang mga nangungupahan ay magbabayad ng humigit-kumulang 30% ng kanilang na-adjust na kabuuang kita patungo sa upa.
  - ○ Ang pinakamataas na bayad ng subsidya ay batay sa bilang ng mga silid-tulugan na naaprubahan para sa laki ng pamilya at pamayanan kung saan lilipat ang pamilya.
  
- □ **Ano ang kinakailangan sa pagka-mamamayan (citizenship)?**
  - ○ Ang mga kalahok ng programa ay data na isang mamamayan ng Estados Unidos o isang kwalipikadong hindi mamamayan na may karapat-dapat na katayuang pang-imigrasyon.
  
- □ **Ang ang gagawin ko upang humiling ng dagdag na silid-tulugan para sa mga medikal na kagamitan o “live-in” na tagapag-alaga dahil sa aking kapansanan?**
  - ○ Kung mayroong isang kapansanan na nauugnay sa isang tirahan, ang isang kahilingan para sa Makatuwirang Akomodasyon (Reasonable Accommodation) ay maaaring magawa sa anumang oras.
  - ○ Ang kahilingan para sa Makatuwirang Akomodasyon ay dapat gawin ng o sa ngalan ng isang taong may kapansanan.
  - ○ Ang Makatuwirang Akomodasyon ay dapat suportahan ng beripikasyon mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ang tirahan ay nauugnay sa kapansanan.
  
- □ **Kailangan ko bang magbigay ng anumang dokumentasyon kung nais kong magsumite ng aplikasyon?**
  - ○ Ang mga dokumento/beripikasyon ay hindi kailangang sabay sa pagsumite ng aplikasyon. Ang mga sambahayan na piniling karapat-dapat para sa Programang EHV ay makikipag-ugnayan sa isang tagapamahala ng kaso upang tipunin ang kinakailangang mga beripikasyon.
  
- □ **Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon sa mga programa ng HACSD?**
  - ○ Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa ng HACSD, bisitahin ang [www.sdhcd.org](http://www.sdhcd.org).